10

# Araling Panlipunan 10

Ikatlong Markahan

# Mga Hakbang Tungo sa Pagkakapantay-pantay

Week 7-8

Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto
(Learning Activity Sheets – LAS)

Manunulat:

Jeziel T. Minguillan
Albor National High School
SDO – Dinagat Islands

# *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-10 na baitang upang matutunan ang mga hakbang na nagsusulong ng pagtanggap at paggalang sa kasarian na nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng tao bilang kasapi ng pamayanan. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maunawaan mong Mabuti ang paksa.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

Aralin 1: Mga Hakbang Tungo sa Pagkakapantay-pantay

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakakikilala ng mga dapat na hakbang o gawain sa paggalang sa kasarian ng tao
2. Napagtitimbang ang batas para sa kababaihan, kalalakihan at LGBT.
3. Nakibabahagi ng sariling pananaw at sariling hakbang na nagsusulong sa pagtanggap at paggalang sa kasarian na nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng tao bilang kasapi ng pamayanan
4. Nakabubuo ng poster at islogan na naglalarawan sa paggalang at pagtanggap sa kasarian ng bawat mamamayan.

## *Paunang Pagtataya*

**Panuto:** Pumili ng pangungusap na nasa loob ng kahon na sa palagay mo ay nagbibigay ng mga dapat na hakbang o gawain sa paggalang sa kasarian ng tao. Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba. Magbahagi ng sariling opinyon o pagpapakahulugan batay sa napiling mga pangungusap.

- Kaibigan mong totoo si Esmeralda kahit na tinutukso siya na tomboy ng mga kaklase mo.
- Sumasang ayon ka sa ideya na dapat hindi pantay ang sahod ng mga kababaihang empleyado sa mga kalalakihang empleyado.
- Naniniwala ka na kung ano ang kasarian na bigay ng Diyos ay wala kang karapatan na baguhin ito. Bagamat ay nererespeto mo ang bawat tao na nakasasalamuha mo kahit na ano pa ang kasariang nais nila.
- Nagpopost ka sa *online account* mo tungkol sa kakayahan at galing ng mga kababaihan pagdating sa welding.
- Paparating na ang araw ng mga puso. naisipan ni Paquito na bigyan ng bulaklak ang lahat ng kanyang kaklase.
- Naniniwala si Aldous na mas malakas ang mga lalaki kung ikumpara sa mga babae pagdating sa digmaan.
- Makilahok sa mga symposium na nagtataguyod ng taamang paraan sa pagrespeto ng bawat kasarian ng tao sa lipunan.

**MGA DAPAT NA HAKBANG O GAWAIN SA PAGGALANG SA KASARIAN NG TAO**

Bilang isa sa kasapi ng pamayanan, ano ang iyong **sariling pananaw at sariling hakbang** na nagsusulong sa pagtanggap at paggalang sa kasarian na nagtataguyod ng pagkapantaypantay ng tao.

## *Pag-aralan*

Sa Pilipinas, may batas na nagbibigay proteksiyon sa mga kababaihan tulad ng Anti-Violence Against Women and Their Children Act at Magna Carta for Women.Basahin ang susunod na teksto tungkol sa batas laban sa Karahasan sa Kababaihan.

**Anti-Violence Against Women and Their Children Act**

Ang Anti-Violence Against Women and Their Children Act ay isang batas na nagsasaad ng mga karahasan laban sa kababaihan at kanilang mga anak, nagbibigay ng lunas at proteksiyon sa mga biktima nito, at nagtatalaga ng mga kaukulang parusa sa mga lumalabag dito. Sino-sino ang puwedeng mabigyan ng proteksiyon ng batas na ito?

Ang mabibigyan ng proteksiyon ng batas na ito ay ang kababaihan at kanilang mga anak. Ang "kababaihan" sa ilalim ng batas na ito ay tumutukoy sa kasalukuyan o dating asawang babae, babaeng may kasalukuyan o nakaraang relasyon sa isang lalaki, at babaeng nagkaroon ng anak sa isang karelasyon. Ang "mga anak" naman ay tumutukoy sa mga anak ng babaeng inabuso, mga anak na wala pang labing-walong (18) taong gulang, lehitimo man o hindi at mga anak na may edad na labingwalong (18) taon at pataas na wala pang kakayahang alagaan o ipagtanggol ang sarili, kabilang na rin ang mga hindi tunay na anak ng isang babae ngunit nasa ilalim ng kaniyang pangangalaga.

Sino-sino ang posibleng magsagawa ng krimen ng pang-aabuso at pananakit at maaring kasuhan ng batas na ito?

Ang mga maaring magsagawa ng krimeng ito at maaring managot sa ilalim ng batas na ito ay ang mga kasalukuyan at dating asawang lalaki, mga kasalukuyan at dating kasintahan at live-in partners na lalaki, mga lalaking nagkaroon ng anak sa babae, at mga lalaking nagkaroon ng "sexual or datingrelationship" sa babae.

http://www.bcs.gov.ph/files/sp/Pinay_Komiks.pdf

**Pamprosesong Tanong**

1. Tungkol saan ang Anti-Violence Against Women Act?
2. Sino-sino ang binibigyang proteksiyon ng batas na ito? Sa iyong palagay bakit binalangkas ang ganitong uri ng batas?
3. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong na maipabatid at mapairal ang batas na ito?

## Magna Carta of Women

Ang Magna Carta for Women ay isinabatas noong Hulyo 8, 2008 upang alisin ang lahat ng uri ng diskriminasiyon laban sa kababaihan at sa halip ay itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng mga babae at lalaki sa lahat ng bagay, alinsunod sa mga batas ng Pilipinas at mga pandaigdigang instrumento, lalo na ang Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women o CEDAW.

Layunin nito na itaguyod ang husay at galing ng bawat babae at ang potensiyal nila bilang alagad ng pagbabago at pag-unlad, sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap sa katotohanan na ang mga karapatan ng kababaihan ay karapatang pantao.

## RESPONSIBILIDAD NG PAMAHALAAN

Itinalaga ng **Magna Carta** for Women ang Pamahalaan bilang pangunahing tagapagpatupad ("primary duty bearer") ng komprehensibong batas na ito.Ginawa na tuwirang responsibilidad ng pamahalaan na proteksyunan ang kababaihan sa lahat ng uri ng diskriminasiyon at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan.

Katuwang ang mga ahensya at yunit nito, maglalatag ang pamahalaan ng mga nararapat at mabisang paraan upang maisakatuparan ang mga layunin ng batas. Kabilang sa mga paraan na ito ang paglikha at pagpapatupad ng mga batas, patakaran at programa na nagsasaalang-alang sa mga pangangailangan ng mga babae, tungo sa kanilang kahusayan at kabutihan.  Gagawa rin ng mga  hakbang ang pamahalaan upang marepaso o maalis ang mga batas, patakaran, programa, at polisiya na nagpapalala sa diskriminasiyon laban sa kababaihan.

Ang isa pang hamon ng batas sa pamahalaan ay ang basagin ang mga stereotype at tanggalin ang mga istrukturang panlipunan tulad ng kostumbre, tradisyon, paniniwala, salita at gawi na nagpapahiwatig nang hindi pantay ang mga babae at lalaki.

## SINO ANG SAKLAW NG MAGNA CARTA?

Lahat ng babaeng Pilipino, anuman ang edad, pinag-aralan, trabaho o hanapbuhay, propesyon, relihiyon, uri o pinagmulan ethnicity ay saklaw ng Magna

**#HeForShe**

Ang HeForShe.org ay isang pinag-isang kampanya ng UN Women para sa pagakakapantay-pantay ng kasarian.  a pagtrato sa mga kababaihan at para sa karapatan ng mga kababaihan. Noong ika-20 ng Setyembre taong 2014 sa punong-tanggapan ng  United Nations, pinangunahan ni Emma Watson ang isang ang kampanya para sa HeForShe.org.

Today we are launching a campaign called for HeForShe. I am reaching out to you because we need your help. We want to end gender inequality, and to do this, we need everyone involved. This is the first campaign of its kind at the UN. We want to try to mobilize as many men and boys as possible to be advocates for change. And, we don't just want to talk about it. We want to try and make sure that it's tangible.

I was appointed as Goodwill Ambassador for UN Women six months ago. And, the more I spoke about feminism, the more I realized that fighting for women's rights has too often become synonymous with man-hating. If there is one thing I know for certain, it is that this has to stop. For the record, feminism by definition is the belief that men and women should have equal rights and opportunities. It is the theory of political, economic and social equality of the sexes.

I started questioning gender-based assumptions a long time ago. When I was 8, I was confused for being called bossy because I wanted to direct the plays that we would put on for our parents, but the boys were not. When at 14, I started to be sexualized by certain elements of the media. When at 15, my girlfriends started dropping out of sports teams because they didn't want to appear muscly. When at 18, my male friends were unable to express their feelings.

I decided that I was a feminist, and this seemed uncomplicated to me. But my recent research has shown me that feminism has become an unpopular word. Women are choosing not to identify as feminists. Apparently, I'm among the ranks of women whose expressions are seen as too strong, too aggressive, isolating, and anti-men. Unattractive, even. Why has the word become such an uncomfortable one? I am from Britain, and I think it is right I am paid the same as my male counterparts.

But sadly, I can say that there is no one country in the world where all women can expect to see these rights. No country in the world can yet say that they achieved gender equality. These rights, I consider to be human rights, but I am one

I want men to take up this mantle so that their daughters, sisters, and mothers can be free from prejudice, but also so that their sons have permission to be vulnerable and human too, reclaim those parts of themselves they abandoned, and in doing so, be a more true and complete version of themselves.

You might be thinking, “Who is this Harry Potter girl, and what is she doing speaking at the UN?” And, it’s a really good question. I’ve been asking myself the same thing.

All I know is that I care about this problem, and I want to make it better. And, having seen what I’ve seen, and given the chance, I feel it is my responsibility to say something.

Statesman Edmund Burke said, “All that is needed for the forces of evil to triumph is for good men and women to do nothing.”

In my nervousness for this speech and in my moments of doubt, I told myself firmly, “If not me, who? If not now, when?” If you have similar doubts when opportunities are presented to you, I hope those words will be helpful. Because the reality is that if we do nothing, it will take seventy-five years, or for me to be nearly 100, before women can expect to be paid the same as men for the same work. 15.5 million girls will be married in

Si **Emma Watson** ay isang aktres mula sa United Kingdom na nakilala sa kanyang mga pagganap sa mga pelikula ng Harry Potter series bilang Hermione Granger. Itinalaga si Watson ng UN Women, isang ahensya ng United Nations para sa pagkakapantay-pantay ng mga kasarian at sa ikabubuti ng mga kababaihan, bilang UN Goodwill Ambassador. Pinangungunahan niya ang kampanyang **HeForShe.**

**Pamprosesong mga Tanong**:

1. Ayon kay Emma Watson, ano ang paunang palagay sa feminism at ano ang tunay na diwa nito? Ano ang pagkakaiba ng dalawa? Ipaliwanag.
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Ano- ano ang mga gender-based assumptions na naranasan ni Emma?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

Pangkalahatang Panuto:

Gawain 1.**Mga Tanong Ko, Sagutin Mo!**

Ngayong tapos mo nang basahin ang teksto, subukin mo namang sagutin ang mga tanong sa loob ng sun map batay sa naunawaan mula sa binasa.



**Sa iyong palagay ano ang pinakamahalagang nagawa ng Magna Carta para sa kababaihan?**

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Gawain 2. **Tapat-Tapat**

Natutunan mo sa mga nakaraang paksa na may batas na nagpoprotekta sa kababaihan at LGBT. Magsaliksik tungkol sa mga batas para kalalakihan. Itala sa talahanayan ang mga batas na kukumpleto sa hanay. Pagkatapos, humanap ka ng mga batas na nagbibigay-proteksiyon sa karapatan ng kalalakihan.

| Batas para sa kabbaihan | Batas para sa LGBT | Batas para sa kalalakihan |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| | | |

Batay sa itinala mo sa talahanayan, gumawa ng buod tungkol sa mga batas na nagbibigay ng karapatan sa kalalakihan, kababaihan at LGBT.

**Pamprosesong mga Tanong:**

1. Ano ang mga batas na para sa kababaihan, kalalakihan at LGBT? ____________________

2. Bakit walang partikular na batas para sa lalaki? Paano ito nakaapekto sa mga babae at LGBT? ________________________________________________________

3. May pantay bang karapatan ang lalaki, babae at LGBT? ____________________

4. Makakatutulong ba ang mga batas na ito upang matugunan ang mga isyung may kinalaman sa karahasan at pang-aabuso sa babae lalaki at LGBT? Pangatwiranan.________________________________________________________
____________________________________________________________________
________

**Gawain 3. Ano Kaya?**

Matapos malaman ang mga batas na nangangalaga sa karapatan ng lalaki, babae at LGBT sa daigdig at bansa, sa pagkakataong ito ikaw ay magsaliksik tungkol sa mga batas/ordinansa, programa o samahan na nagtataguyod sa karapatan ng lalaki, babae at LGBT sa iyong sariling pamayanan. Alamin ang layunin at kabutihang dulot nito sa pamayanan.

1. Ano ang mga batas/ordinansa, programa o samahan na nagtataguyod sa karapatan ng lalaki?

____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________

2. May kabutihan ba itong dulot? Bakit?

____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________

Gawain 4. **Poster at Islogan**

**Panuto:** Ibahagi ang iyong pananaw na naglalarawan sa paggalang at pagtanggap sa kasarian ng bawat mamamayan sa pamamagitan ng paggawa ng poster at islogan. Ang rubrick ay nakahanda upang gabayan ka sa gawain.

| | 10 | 7 | 4 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| **Content** | Ang mensahe ay mabisang naipakita. | Di gaanong naipakita ang mensahe. | Medyo magulo ang mensahe. | Walang mensahe ang naipakita. |
| **Creativity** | Napakaganda at napakalinaw ang pagkasulat ng mga titik. | Maganda at malinaw ang pagkasulat ng mga titik. | Maganda ngunit di gaanong malinaw ang pagkasulat ng mga titik. | Di maganda at malabo ang pagkasulat ng mga titik. |
| **Relevance** | May malaking kaugnayan sa paksa ang islogan. | Di gaanong may kaugnayan sa paksa ang islogan. | Kaunti lang ang kaugnayan ng islogan sa paksa. | Walang kaugnayan sa paksa ang islogan. |
| **Kalinisan** | Malinis na malinis ang pagkakabuo. | Malinis ang pagkakabuo. | Di gaanong malinis ang pagkakabuo. | Marumi ang pagkakabuo. |



## *Paglalahat / Repleksyon*

**Gawain:**

Natuklasan ko…

3 — 3 bagay na nakita ko

. ________________________________________

________________________________________

. ________________________________________

________________________________________

Natutunan ko ang…

2 — 2 interesadong bagay na natutunan ko

. ________________________________________

________________________________________

.

## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

1. **Sila ay ang mga babaeng saklaw ng Magna Carta na may limitadong kakayahang matamo ang mga batayang pangangailangan at serbisyo, sino sila?**
    a. Women in Especially Difficult Circumstances
    b. Mga biktima ng human trafficking
    c. Mga biktima ng prostitusyon
    d. Marginalized Women

2. **Sila ang mga babaeng saklaw ng Magna Carta na nasa mapanganib na kalagayan o masikip na katayuan, sino sila?**
    a. Women in Especially Difficult Circumstances
    b. Mga biktima ng human trafficking
    c. Mga biktima ng prostitusyon
    d. Marginalized Women

3. **Ito ay isinalabas upang alisin ang lahat ng uri ng diskriminasiyon laban sa kababaihan at sa halip ay itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng mga babae at lalaki sa lahat ng bagay.**
    a. HeforShe
    b. CEDAW o Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women
    c. Magna Carta for Women
    d. Marginalized Women

4. **Ito ay isang pinag-isang kampanya ng UN Women para sa pagakakapantay-pantay ng kasarian.  a pagtrato sa mga kababaihan at para sa karapatan ng mga kababaihan**
    a. HeforShe
    b. CEDAW o Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women
    c. Magna Carta for Women
    d. Marginalized Women

**5. Sino ang saklaw ng Magna Carta?**

a. Women in Especially Difficult Circumstances

b. Mga biktima ng human trafficking

c. Marginalized Women

d. Lahat ng nabanggit

## *Susi sa Pagwawasto*

PANAPOS NA PAGTATAYA

1. D
2. A
3. C
4. A
5. D

PAUNANG PAGTATAYA

- Kaibigan mong totoo si Esmeralda kahit na tinutukso siya na tomboy ng mga kaklase mo.
- Naniniwala ka na kung ano ang kasarian na bigay ng Diyos ay wala kang karapatan na baguhin ito. Bagamat ay nirerespeto mo ang bawat tao na nakasasalamuha mo kahit na ano pa ang kasariang nais nila.
- Nagpopost ka sa online account mo tungkol sa kakayahan at galing ng mga kababaihan pagdating sa welding.
- Paparating na ang araw ng mga puso, naisipan ni Paquito na bigyan ng bulaklak ang lahat ng kanyang kaklase.
- Makilahok sa mga symposium na nagtataguyod ng tamang paraan sa pagrespeto ng bawat kasarian ng tao sa lipunan.

## *Sanggunian*


**AKLAT**

Driscoll, Emelda T. Class and Gender in the Phillippines: Ethnographic Interviews with Female Employer-Female Domestic Dyads. Syracuse University. 2011.

**ONLINE RESOURCES**

http://www.bcs.gov.ph/files/sp/Pinay_Komiks.pdf

Sanggunian:http://sociology.about.com/od/Current-Events-in-SociologicalContext/fl/Full-Transcript-of-Emma-Watsons-Speech-on-Gender-Equality-at-theUN.htm

**Magna Carta Primer**

http://www.wegoverninstitute.org/wp-content/uploads/2012/07/MagnaCarta-Primer.pdf